# ANG REYNA NG MGA TUMBONG

Nuong bata pa ako, paboritong palabas ng aking mga magulang ang Piling-Piling Pelikula sa *channel* 13. Gustong-gusto nila kapag pelikula ni Ramon Revilla ang sinasalang. Kabitenyo kasi ito tulad nina Mama at Papa kaya kapag siya ang bida, garantisado, dito titigil ang telebisyon namin sa gabing iyon.

Madalas, natutuwa lang ako sa mga gabing iyon dahil hindi napapansin ng mga magulang ko na hindi pa rin ako natutulog kahit lumalalalim na ang gabi. Oo nga't minsan, noong nalaman kong lalabas ang Papa ko para bumoto, hiniling kong isama niya si Ramon Revilla sa listahan niya ng mga senador ("Jose Bautista ang isulat niyo kasi baka hindi mabilang kung Ramon Revilla ang ilagay niyo," paalala ko), pero sa totoo lang, bihirang mahuli ng mga pelikula niya ang aking buong atensyon. Mas gusto ko pang mag-insayo ng page-*exhibition* sa jackstones kaysa sundan ang paulit-ulit na paghahanap ng bida sa anting-anting na magbibigay-daan sa pagbabago sa kanyang buhay.

Iba ang takbo ng sineng pinalabas isang gabi sa gitna ng tag-ulan. Sa halip na batong may ukit ang hinanap ng bida, tumbong ng manok ang pinuntirya niya. Sa pagkain daw nito'y titibay ang kanyang katawan para sa mga laban na haharapin niya.

“Mama, ano ‘yung tumbong?” tanong ko. Sagot niya sa ki’y puwet yun ng manok. “Talaga bang kinakain yun?” patuloy ko. Oo, sabi niya, pero lalaki lang ang pwedeng kumain nun. “Bakit po?” Basta, sagot niya. Pangit daw kasi tingnan sa babae ang kumain noon.

‘Nung sunod na nagkaroon kami ng lechon manok na uulamin, tinuro ko ang hugis-trayangulong bagay na nasa isang dulo ng manok. Tinanong ko sa Papa ko kung iyon ang tumbong at kung pwedeng akin na lang ‘yun. Pumayag siya. Agad-agad ko itong sinubo. Takot kasi akong maabutan ni Mama at baka pigilan pa niya ako.

Malambot at malasa iyong unang tumbong na nakain ko. Ginawa kong mabagal ang pagnguya para patagalin pa ito sa aking bibig. Kulang na la’y ipikit ko ang aking mga mata para lubos itong lasapin. Pagdating ng aking Mama, hindi ako nagsalita at baka siya’y makahalata pa.

Pagkatapos nito’y naghintay ako’t pinakiramdaman ang sarili. Wala naman akong napansing pagbabago. Hindi lumalim ang boses ko. Hindi ko rin naramdamang mas gusto ko nang maglaro ng mga robot kesa sa Barbie dolls ko. Lalo ko tuloy hindi naintindihan ang pagbabawal na ginawa ng Mama ko sa akin. Sa oras na iyon, natiyak ko, hindi iyon ang huling tumbong na kakainin ko.

Simula noon, sa bawat pagkakataong lechon manok ang aming kakainin, magmamadali ako sa mesa at kukurot para makuha ang pinakatatangi kong bahagi ng manok. Di

naglaon, nangahas na akong kumain nito kahit pa sa harap ng Mama ko. Minsa'y tinitingnan niya ako ng masama, na para bang gusto niya akong pagalitan, pero alangan nga naman na manigaw siya ng bata para sa napakaliit na bagay.

Hanggang ngayon, hindi ako nagpapalampas ng pagkakataon para kumain ng tumbong, pero hindi ko 'to ginagawa dahil gusto ko ang lasa nito. Sa bawat tumbong na nakakain ko, pinapaalala ko sa sariling hindi ako kailangang umiwas sa paggawa ng isang bagay dahil lamang may nagsasabing pangit daw ito para sa isang babae. Pangako ko sa sarili ko, habang kaya, susuway ako sa ganito.

* * *

Nasa grade school pa rin ako nung biglang pumasok ang Mama ko sa kuwarto ko, galit na galit. Bakit raw pinagsasabi ko sa ibang tao na ang Papa ko ang namamalengke para sa amin? "Siya naman po talaga ang gumagawa nu'n, di ba? Ano'ng masama roon?" *Basta* na naman ang panimula ng Mama ko. Baka raw pagtsismisan kami ng mga kapitbahay: ano'ng klaseng pamilya ba kami'y kung sino ang lalaki, siya pa ang namamalengke? Sa isip-isip ko, kung may masama nga roon, bakit ni minsan, hindi nagboluntaryo ang Mama kong makarelyebo man lang ng Papa ko? Pero bago pa 'yun, ano nga ba ang masama kung Papa ko ang mamamalengke para sa amin? Hindi ko maintindihan ang pagdadahilan ng Mama ko. Pero kesa humaba pa ang diskusyon, tumahimik na lang ako.

Buong buhay ko, hindi ko nakitang umalis ng bahay ang mga magulang ko para magtrabaho. Pensyunado na ng U.S. Navy ang Papa ko 'nung nagkaroon siya ng pamilya, at ang Mama ko naman, nag-resign sa pagte-teller sa bangko 'nung kinasal siya't hindi na bumalik sa trabahong ito. Pareho silang nakapirmi lang sa bahay kaya sa pakiwari ko, walang masama kung maghahati sila sa mga gawaing-bahay. Noong pinagalitan ako ng Mama ko, doon ko lang nalaman na may mga gawaing sa palagay ng ilan ay dapat lang sa mga babae, at 'yung iba, para sa mga lalaki.

Makulit akong bata noon kaya madalas, kinukuwentuhan ko ang Papa ko kahit siya pa'y nagbabasa ng diyaryo o kaya'y nagdidilig sa munting hardin sa harapan ng amin tahanan. Mas madalas sa hindi, maiksi ang mga natatanggap kong sagot sa kanya dahil maliban sa gusto niyang ituon ang buong pansin sa kanyang gawain, tahimik na tao talaga ang papa ko. Ganyan talaga ang mga lalaki, sabi ng Mama ko: pukpukin mo man sila, pahirapan pa rin para pasalitain sila.

Naiinggit ako noon kapag nakikita kong nakikipaglaro ang mga ama ng mga kaibigan ko sa kanila. Halos lahat ng mga tatay na ito'y may mga trabaho, pero pinagtutuunan pa rin nila ng oras at pansin ang mga anak nila. Eto namang Papa ko, araw-araw, nandun lang sa bahay pero hindi man lang ako kinakamusta 'pag uwi ko galing sa 'skwela. Diyaryo't halaman pa ang mas pinipiling harapin niya.

Nang medyo nagkaisip na ako, nakita kong pilit namang bumabawi ang Papa ko. Dati siyang cook sa Navy. Hilig niya talaga ang pagluluto kaya natural lang sa kanya na siya ang magluto para sa pamilya niya sa araw-araw. Mapili siya sa mga sangkap na gagamit kaya siguro siya na rin ang naging regular na tagapamili namin sa palengke. Paminsan-minsa'y may nababanggit kaming magkapatid na ulam na nais naming kainin. Minsa'y nakalimutan na naming may nasabi kami, maaalala na lang namin pagkatapos ng dalawa o tatlong araw kung kailan bigla na lang naming makikita ang putahe sa hapag-kaninan. Sa imahinasyon ko'y sumagi, sa bawat gayat gayat siguro ng kanyang kutsilyo, sa bawat halo ng kanyang sandok, doon pilit na pinapahiwatig ng papa ko: *mahal ko kayo*. Wala na kasi siyang alam na paraan; ito lang ang kaya niya.

May mga magkakataong bigla na lang siyang inaaway ng Mama ko. Ito lang siguro ang naisip ng Mama kong paraan para pilitin ang Papa kong magbigay ng opinyon o kaya'y magpakitang may pakialam siya sa nangyayari sa loob ng aming pamilya. Ayaw kasi ng Papa kong siya'y naaabala, kaya halos lahat ng pagdedesisyon sa bahay, sa Mama ko bumabagsak. Minsa'y nasabi ng Mama kong pakiramdam niya'y mas masahol pa siya sa asawa ng OCW sa nararamdaman niyang lumbay kahit na hindi naman sila nagkakahiwalay ng Papa ko. Siguradong madalas, pilit kinukumbinsi ng Mama ko ang sarili: ganun lang talaga ang mga lalaki: matipid sa salita't iwas sa pagpapakita ng kahit anong emosyon. Trabaho ng babaeng umunawa at pagpasensiyahan na lang ang mga ito.

Dalawa lang kaming magkapatid, pareho pang babae. Naisip ko minsan, mas *disappointed* siguro si Papa noong lumabas akong babae. Hindi ba't lahat ng ama'y naghahangad ng lalaking panganay? Nabuo sa isip ko ang paniniwalang kung naging lalaki lang ako, naging mas malapit siguro ako sa Papa ko. Sinubukan ko tuloy gamitin anglaruang *tool set* na nakuha ko sa isang *exchange gift*. Naging pantasya kong kaya kong hatiin ang upuan ng study table ko na gamit lang ang *plastic* kong lagari. Tingnan lang natin kung hindi pa ako mapansin ng Papa ko ngayon! Pero nagkandabungi-bungi na ang munti kong lagari't ilang mababaw na gasgas lang ang naibigay ko sa silya. Siyempre, kaagad na napansin ni Mama ang mga gasgas na ito't inambunan ako bigla ng mahaba-habang sermon. Naisip ko, buti na lang at hindi ko nahati ang silya, kundi, sigurado, tumataginting na palo ang napala ko.

Hindi ko na inulit ang kahibangan kong iyon, pero patuloy kong sinubukang sawayin ang persepsyon ng mga dapat ikilos ng babaing anak. Humingi ako sa isang ninang ng baril-barilan at nakipaglaro ng *Cops and Robbers* sa mga anak ng kapitbahay. Kapag namimili kaming mag-ina sa grocery, pilit kong binubuhat ang pinakamabibigat na plastic kahit na salat ako sa lakas at tangkad. Sa bakasyon bago ako nagkolehiyo, pininturahan ko ang aming sementong bakod, kasama na iyong nasa likod-bahay na lampas-tao ang taas. Okay lang naman ito kay Mama, basta siguraduhin ko raw na laging maluwag na *t-shirt* at *shorts* na hanggang tuhod ang isusuot ko habang nagpipinta ako. Pagkatapos ng ilang linggo'y nakita ko ang ilang dating kalaro na

nagpipintura din ng kanilang mga bakod. Halata ang inis nila sa kanilang ginagawa. Teorya ko'y napilitan lang silang gawin 'to nang nasabihan ng mga nanay nila: "Tingnan mo nga 'yung anak nilang dalaga sa kabila, nagawa 'yan, ikaw pa kaya?" Natalo nga nila ako't lumabas silang lalaki tulad nang hinangad ng kanilang mga ama, pero sa ibang bagay, kaya ko rin pala silang unahan at baka pa nga maungusan.

Pero ngayong halos treinta na ako, natanto kong mabuti na rin at hindi ako naging lalaki. Kung nagkataon, maraming naging pagkakaiba sa paglaki ko. Kakaunti lang siguro ang mga gawaing bahay na itinoka sa 'kin ng Mama ko. Hindi rin ako nakatanggap ng mahahabang sermon umagahin man ako ng uwi. Kakainggitan ako ng babae kong kapatid para sa mga bagay na ito, pero ano naman ang kapalit?

Ngayong halos treinta na ako, natanto kong naging lalaki man ako'y hindi rin ako naging malapit sa Papa ko. Buong buhay niya, hindi niya nagawang buksan ang sarili sa kahit sino'ng tao. Kahit sa lalaking anak, malamang, hindi rin niya magagawa ito. Dahil dito, Mama ko pa rin ang magiging pinakamalaking impluwensiya sa buhay ko. Sa Mama ko, matututunan kong hindi patas ang mga lalaki at ang mga babae. Lalaki ang dapat kumita para sa pamilya kaya hindi sila dapat obligahing tumulong sa mga gawain sa loob ng tahanan. Walang mawawala sa lalaki kaya matuto man sila ng kamunduhan kahit bata pa sila'y dapat, hayaan na lang. Mahina ang mga lalaki pagdating sa tukso, kaya kung may makasiping man silang iba, dapat ay magpasensiya na lang ang asawa nila. Lalaki ang haligi ng tahanan. Kailanga'y matatag, matibay ang

loob, kaya normal lang kung hindi sila magpakita ng emosyon. Ang tunay na lalaki, dito lang may hangganang nakikita.

Iniisip ko pa lang ang ganitong klaseng pagpapalaki't nagpapasalamat na akong hindi ako naging lalaki. Kung naging lalaki ako't napagdaanan ko ito, walang duda, tatlo lamang ang mapupuntahan ko: ang pagiging Mama's boy, chikboy na walang pakialam ilan man ang babaing masaktan, o kaya klosetang bakla na walang direksyon ang buhay. Tama na rin ito. Hindi na rin masamang naging babae na lang ako.

* * *

Sadyang matigas ang ulo ko, pero nahanap ko ang katapat ko sa Mama ko. Sampung taong gulang ako nang nagpaalam na gusto kong matutong magbisikleta. Hindi pumayag ang aking Mama. Tinanong ko kung bakit. Sa halip na sabihing *basta*, sabi niya'y napaginipan niya kasing nabundol ako ng trak habang nagbibisikleta. Pa'no raw kung pangitain 'yon? Kung magpumilit ako't may mangyari sa akin, bahala raw ako... Pagkatapos no'n, takot ko lang na ipagpatuloy pa ang balak ko.

Nung tumanda-tanda ako, dun lang inamin ng Mama kong gawa-gawa lang niya ang panaginip na iyon. Tinakot niya ako para siguraduhing hindi ko susubukang mag-bike. Pa'no raw kasi kung bumagsak ako't masugatan ang mga binti ko? Gusto niya kasi'y pag naging dalaga na ako, manatiling walang marka ang mga binti ko para tulad niya, makapag-miniskirt ako ng walang takot.

Hindi nagtagal at ang pagiging banidoso din ang dahilan kung bakit nasira ang mga binting pinagkaingat-ingatan ng Mama ko. Makailang-beses akong nahiwa ng blade sa pag-aahit ng mga balahibo sa binti ko. Sa pagsuot ng mga sandalyas na may takong, paulit-ulit na natapilok at nagtamo ng mga bilugang peklat sa may tuhod. Pag sumahin, ilang oras din kaya ng buhay ko ang nasayang sa pagpahid ng sebo de macho sa mga markang ito? Idagdag pa rito ang lahat ng oras na ginugol sa pag-iisip, pag-aalala at paggawa ng stratehiya sa paghuhulma sa sarili. Kung nagpakadalubhasa na lang ako kaysa nagsayang ng oras sa mga bagay na 'to, baka duktor na ako ngayon. Pangit nga siguro akong babae na matuturing, pero kahit ano pa ang sabihin, duktor pa rin.

Bakit nga ba ang daming kailangang gawin ng mga babae bago natin maiharap sa mga tao ang ating mga sarili? Ang lalaki, maghilamos at magsipilyo lang sa umaga (minsan nga'y hindi pa) at lalarga na sila. Ang babae, may hilamos, sipilyo, pahid ng kung anu-anong *cream*, patuyo ng buhok sa *blowdryer*, apply ng *makeup*, wisik ng cologne, suot ng kuwintas na bagay dapat sa mga hikaw na bagay dapat sa damit na bagay dapat sa sapatos na kapareha siyempre ng bag. Kung hindi ka bihasa sa lahat ng ito, tatanghaliin ka na bago ka makalabas ng bahay.

Siyempre, naririyan din ang tamang pagkilos ng mga babae. Dalagita pa lang ako nang tinuro sa 'kin ng Mama kong dapat ay laging nakatikom ang aking mga binti sa aking pag-upo. Nang matuto akong sumakay ng dyip, pikon na pikon ako kapag nasisiksik

ako ng mga lalaking umuupo na nakabikaka ang mga binti. *Hindi ba kayo tinuruan ng mga mama niyo*, gusto kong isigaw, pero oo nga pala, iba ang mga pamantayan para sa kanila. Mga lalaki sila kaya hindi ito pangit tingnan sa kanila. Mga lalaki sila kaya okay lang kung sakupin nila ang espasyo ng iba. Hindi sila mga babae kaya hindi nila kailangang paliitin ang sarili at siguraduhing hindi sila nakakaabala sa iba. Sila'y mga lalaki, kaya ang mundo'y naririyan para angkinin nila.

* * *

Disisais na ako't nasa kolehiyo noong kinailangan kong masanay na sumakay sa mga pampublikong bus na mag-isa. Lagi akong may kaba noon kapag may lalaking tumatabi sa akin dahil hindi ko alam kung biglang pasimpleng idikikit nito ang hita sa akin, o kaya'y "aksidenteng" dadaplis ang isang kamay sa baywang ko. Kapag nangyayari ito'y lagi akong nag-aalangan kung ano ang dapat gawin ko. Sisigaw ba ako? Kukurutin ko ba ang kamay ng lalaki? O tatahimik na lang ako?

Sa mga pagkakataong iyon, naaalala ko ang unang bisita ko sa dentista. Grade 4 ako noon at siguro'y tumalab sa akin ang mga leksyon sa *Sesame Street* patungkol sa pangangalaga sa mga ngipin kaya ako pa ang nagpumilit na sumama sa aking Mama sa araw na 'yon. Unang pinapasok ng dentista ang Mama ko. Kasama kong naghintay sa *waiting area* ang kapatid kong tatlong taon ang pagkabata sa akin. Kami lang ang

naiwan doon dahil naglibot ang Papa namin sa department store na katabi ng opisina ng dentista; madali kasi siyang mabagot sa paghihintay.

May dumating na binatilyong mga disisiyete siguro. Payatin siya't puno ng tigyawat ang mukha. Nakita niyang matagal-tagal na paghihintay ang hinaharap niya kaya nakipagkuwentuhan siya sa aming magkapatid. Napatawa niya kami makailang-beses. Napalagay ang loob ko sa kanya. Pero isang oras pagkatapos namin siyang nakilala, kinuha niya ang braso ko't gumawa ng linya ng mga halik sa balat ko.

Kaagad kong naramdamang may mali rito. Gusto ko sanang sabihing itigil niya ang ginagawa niya, pero naalala ko kung 'gano siya kabait ilang minuto lang ang nakakaraan. Lumingon ako para hanapin ang kapatid ko. Mag-isa siyang naglalaro sa isang sulok. Siguro'y siya man ay naguluhan sa nangyayari kaya pinili niyang ilayo ang sarili sa pangyayari.

Nang lumabas ang Mama ko, sinabi ko sa kanyang inip na inip na ako kaya hindi na ako magpapatingin. Pagdating sa bahay, tumuloy ako sa banyo kung saan naghugas ako agad ng mga braso. Maka-ilang beses ko ring sinabunan ang aking mga braso, kaya nagtaka na ang Mama ko't tinanong ako kung bakit ko ginagawa 'yon. "Hinalik-halikan ako sa braso 'nung lalaki kanina sa dentista e," sagot ko. Nagalit ang Mama ko. Na-*rape* na raw ako, wala pa akong ginawa. Hindi ako nagsalita hanggang huli na.

Sa isip kong siyam na taong gulang pa lamang, tanong ko, eto ba ang *rape* na naririnig ko lang sa mga diskusyon sa *Lovingly Yours, Helen* at *Coney Reyes on Camera*? *Hindi kaya*, gusto kong sabihin, pero tumalikod na ang Mama ko, parang galit na nagkaroon siya ng anak na pinabayaan ang sariling mapagsamantalahan nang ganun-ganun lang. Hindi na namin napag-usapang muli ang bagay na ito kaya pakiramdam ko'y bumagsak sa aking mga murang balikat ang buong bigat ng pangyayari.

Dalawang taon makalipas nito, nagawi kami sa Harrison Plaza na mga isang oras ang layo sa bahay namin. Pumunta kami sa department store upang mamimili ng sapatos naming magkapatid para sa susunod na pasukan. Habang hinihintay naming bumalik ang *saleslady* na dala ang *stock* ng nagustuhan kong sapatos, napansin ko ang isang binatilyong nakaupo sa isang bangko. Payatin siya't puno ng tigyawat ang mukha. Pasimple niyang hinahalikan ang braso ng isang batang babae na nakatalikod sa kanya't tila pinipilit ang sariling hindi pansinin ang nangyari sa kanya.

Kinabahan ako at nag-isip: posible kayang siya rin ang binatilyong (ayon sa Mama ko'y) nang-"*rape*" sa akin doon sa opisina ng dentista? Sunod na sumagi sa isip ko'y hindi na importante kung siya rin 'yon. Tumingin ako sa aking paligid at nakitang ako lang ang nakapansin sa nangyayari. Alam ko ang tamang gagawin. Kailangan kong tumulong. Pero gusto ko mang kumilos o kaya'y sumigaw, hindi ko nagawa.

Nando'n ako, siguro'y kalahating pulgada ang kinatangkad sa batang 'yon, mas matanda't mas may kakayahang magsalita, pero hindi ko pa rin ito nagawa. Napagdaanan ko na ang bagay na 'yun, pero hindi ko man lang nagamit ang tinig ko upang hindi na mabiktima ang isa pang walang muwang na bata. Tila nagkaroon ng bara sa lalamunan ko kaya kahit ano'ng pilit, hindi makalabas ang boses ko.

Hanggang ngayo'y natutunaw ako kapag naaalala ko ang araw na 'yon. Bakit nga ba hindi ako nakagalaw? Bakit hindi ako nakatulong? Natakot ba akong mapahiya? Posible nga namang kaso lang ito ng maling akala. O kaya'y takot ba akong mabulatlat na nangyari na rin ang bagay na 'yun sa akin, kaya sandali ko lang silang nakita'y alam ko na agad kung ano ang nagaganap?

Aalam kong iisa lang ang posibleng kasagutan dito. Sa kaloob-looban ko'y, naisip ko, hindi ko nga naproteksyunan ang sarili ko noong siyam na taong gulang ako, susubok pa akong magsalba ng iba pagkatapos lang ng dalawang taon?

Nang nagtagal, natanto kong galit ako hindi lang doon sa lalaking gumawa noon sa akin, kundi pati na rin sa Mama ko. Pinagalitan niya ako't hiniya dahil hindi ko pinagtanggol ang aking sarili noong hapong iyon sa *waiting room* ng dentista. Pero pagkatapos niyang malaman ang nangyari sa akin, may ginawa ba siya? Pasyente ng dentista ng aking mama ang binatilyong iyon. Kung ginusto ni Mama, hindi na mahirap para sa kanya ang malaman ang pangalan at tirahan nito. Kung nagkataon,

naharap siguro ng Mama ko ang lalaking iyon at naisumbong sa mga magulang nito. Pero hindi man lang sinubukan ng aking Mama na hanapin siya. Naisip kaya ni Mama, mabuti pang 'wag na lang ipagsabi ang nangyari't baka madungisan pa ang reputasyon ng buong pamilya? Hiniya niya ako dahil hindi ko nagawang lumaban, pero pa'no ko ba 'yon magagawa gayong kabaligtaran ang natutunan ko sa kanya?

Kahit na noong beinte na ako't nahihipuan sa bus, masyado pa rin akong kimi para tingnan sa mata ang mga lalaking gumawa 'nun sa akin para pagsabihan silang itigil ang kabastusan nila. Hindi ko lang talaga ito magawa. Nag-isip ako ng ibang paraan para harapin ang sitwasyong ito. Minsa'y sinubukan kong magdala ng perdible sa bag ko at noong may kamay na naligaw sa hita ko, tinusok ko siya nito. Napigilan ko ang malikot na kamay na iyon, pero nagdesisyon akong 'wag nang ulitin 'yon. Natakot akong baka sa susunod na gawin ko 'yon ay awayin ako ng lalaking tinusok ko; pag nagkatuusan, may katibayan siyang sinaktan ko siya, pero salita lang ang meron ako para mapatunayang binastos nga niya ako. May takot akong walang maniniwala sa akin at lalabas na masama ako ang masama at posible pang may diprensya sa kaisipan.

Simula noo'y hindi ko na nakaligtaang manalangin sa bawat pagsakay ko sa bus. Hinihiling kong 'wag akong tabihan ng mga lalaking may masasamang balak. Hinihiling kong kung subukan man akong hipuan ng katabi ko, magsimula sana ito pag pababa na ako, para sandali ko lang titiisin ang kahihiyang madalas dumapo sa mga tahimik at matiising babaing tulad ko.

Ngayon ko lang naiisip na dapat yata'y dagdagan ko ang aking mga dasal. Na sana'y mawala ang takot kong umalma. Na sana'y mahanap ko ang boses ko. Na magkaroon ako ng labas para lumaban.

* * *

Nag-*high school* ako sa isang *exclusive school* na pinapatakbo ng mga madreng kilala sa pagiging militante pagdating sa mga usapain sa karapatan ng mga babae. Meron kaming klase para matutong manahi, pero meron din kami sa *carpentry*. Pantay ang oras na ginugol namin sa pag-aaral ng tamang *social graces* at ang oras sa pag-eensayo namin ng *self-defense*. Bahagi rin ng edukasyon namin ang pagpunta sa mga symposium kung saan nilahad ng mga panauhin ang mga pang-aabusong natanggap nila sa mga lalaki. Sa isip siguro ng mga madre'y ito ang pinakamagandang paraan para matuto kaming huwag payagan ang mga sarili na tapakan, saktan o manduhan ng sino man.

May kakaibang kalayaan sa pag-aaral sa eskuwelahan na para lang sa mga babae. Dahil wala kaming mga kaklaseng lalaki, kami-kami ang nagpapataasan ng mga grado't nagpapaligsahan para malaman kung sino ang pinakamagaling sa amin. Lahat kami'y gustong kumawala sa mga pamantayang pinataw ng aming mga magulang kaya kahit na babad kami sa mga klase sa *poise* at *personality development*, sa loob ng eskuwelaha'y kumikilos kami ayon sa kagustuhan namin. Kapag *recess* o *breaktime* ay nakikita kaming nakasalampak sa sahig, pinapabayaang lanta't nakadantay sa bisig ang

isang tangkay ng aming asul na *jumper*. Mas madalas sa hindi'y magkahiwalay ang aming mga tuhod sa aming pag-upo, iniipit na lang ang mga palda sa gitna ng mga binti para magmukha pa rin kaming disente kahit paano. May mga pagkakataong buong araw kaming hindi gumagamit ng suklay, kinakamay lang ang mga buhok na pwedeng sabihing sing-rebelde namin sa panahon na 'yon. Siguradong hindi kinatuwa ng mga namamahala ng aming eskuwelahan ang tahasan naming pagsuway sa mga asal na itinuro nila at ng aming mga magulang. Ngunit baka naging katanggap-tanggap na rin ito nang naisip nila, bahagi na ito siguro ng pag-usbong ng makabagong pag-iisip na sila rin ang nagtanim sa amin.

Sa paaralan na ito ako natutong magbasa ng mga akda nina Gloria Steinem at Lualhati Bautista. Nabuksan ang mga mata ko sa iba pang mga pasakit na pwedeng dumating sa mga babae sa panonood ng mga pelikulang *Norma Rae* at *The Accused*. Sa institusyong ito, natutunan kong meron akong tinig na pwede at *dapat* na gamitin. Pero agad kong nakitang madali lamang maging matapang sa pananalita kapag protektado ka ng apat ng dingding ng paaralan. Sa labas, iba na. Nagiging magiliw lang ang mga tao sa mga dalagitang alam ang lugar nila't papel sa usapan: ang ngumiti ng bahagya lamang, tumango sa sinasabi ng mga matatanda at umiwas sa mga tingin ng mga binatilyo habang nag-aabot ng mga panghimagas doon sa mga taong kasama talaga sa diskursong nangyayari.

Minsa'y naisip ko, sana'y hindi ko na kailangang umalis sa paaralang 'yon para limang araw sa bawat linggo, pwede akong maging malaya sa pag-iisip at sa pananalita. Kung magtagal ako sa eskuwelang ito, baka sakaling mapigilan ang lalo kong pagiging kimi sa pagtakbo ng panahon. Sa pagsama ko sa mga kaklase ko, baka sakaling matutunan kong maging *vocal* at matigas sa aking mga paninindigan dahil tila ganun ang mga ito.

Pero may isang nakakatuwang pangyayari na nagpabago sa paningin kong ito. Minsa'y nagkaroon kami ng *interaction* sa isang klase ng mga lalaki galing sa *boys' school* na malapit sa amin. Lumabas ang ibang ugali ng marami sa aking mga kaklase. Sa harap ng mga lalaki'y naging tahimik sila't mahinhin. Tanungin sila ng kung ano ang gusto nilang inumin at ang sagot nila'y nag-aalangan na "ikaw ang bahala." Tila biglang naglaho ang kanilang kapasidad na magkaroon ng opinyon sa kahit ano'ng bagay. Ikinatuwa 'to siyempre ng mga lalaki galing sa boys' school na 'yon at kumuyog sa mga kaklase kong nakisama sa ganitong palabas. Dito ko naisip, kahit pala roon sa maliit naming mundo, kailangang matutong maglaro. Kung gusto mong mapansin ng mga lalaki, kailangan mong itago ang tunay mong sarili at sundin ang mga pamantayan ng mas malaking mundo para sa mga babae.

* * *

Beinte kuwatro na ako nang may isinama akong lalaki sa bahay para ipakilala kina Mama at Papa bilang nobyo ko. Agad-agad sinabi ng Mama ko na hindi niya gusto ang boyfriend ko; kutob niya'y hindi pwedeng pagkatiwalaan ito. Pero pagkaraan ng

dalawang araw, nag-uwi ang Mama ko ng ilang *bridal magazines* at ibinigay ang mga ito sa akin. Tumambling ako. Nilinaw sa 'kin ni Mama ni hindi niya gusto ang boyfriend ko, pero dalawang tulog lang ang kailangan at nagpahiwatig na siyang hindi sarado ang isip niya sa posibilidad sa pagpapakasal ko sa lalaking ito. Ganun ba talaga? Pagdating ng anak na babae sa nakatakdang edad, nagiging katanggap-tanggap nang ikasal ito sa kahit sino'ng lalaki, basta lang masigurong makahabol ito sa kinakatakutang huling biyahe?

Ayoko mang aminin, pero hindi nagtagal at naramdaman kong baka tama ang Mama ko: na hindi para sa akin ang lalaking iyon. Maganda ang simula namin, pero kakalampas pa lang namin sa pangatlong *monthsary* at nauwi na kami sa minsanang pagkikita kada buwan. Lagi niyang sinasabi, *busy* raw siya. Nang ilang beses na niyang naulit ang pagdadahilang ito, inaway ko na siya sa telepono. Wala siyang masabi kaya sa huli, bulaslas na lang niya, "Ba't ka ba nagkakaganyan? May *mens* ka ba ngayon?" Nakakatawang narinig ko ang mga katagang ito galing sa kanya, e ang pagkakaalam ko'y dahil sa pagse-*Xenical*, siya ang may suot ng *Modess* noon.

Pero gayun pa man, madali pa rin para sa kanyang palabasing ako ang magulong kausap. Ayun nga't ilang minuto pa lang kami sa telepono't naging emosyonal na ako. Sa huli, inamin kong siguro nga'y ako ang may kasalanan. Nagkulang ako sa pang-uunawa; kaya ako ang pilit na magbabago.

Para lamang hindi kami mag-away muli, hindi ako nagsalita nang pinagbawalan niya akong magkuwento tungkol sa aming dalawa kahit pa sa pinakamalapit kong mga kaibigan lalo na tungkol sa mga problema. Sumunod ako nang sinabi niyang kapag kausap ko ang kabarkada ko't nag-*incoming call* siya, kailangan kong ibaba ko ang kabilang linya dahil siya dapat ang unang prioridad ko sa lahat ng oras. Tinikom ko ang aking bibig noong sinabi niyang may nakilala siyang babae na balak niyang ligawan; hindi naman daw siya naghahanap ng isa pang girlfriend—gusto lang niyang makita kung sasagutin siya nito, *"ego trip"* kumbaga, kaya dapat ay hayaan ko na lang. Hindi ako umalma nang minsang nagalit siya sa akin habang nagmamaneho siya't hinampas ang *dashboard* sa kanyang harapan. Dumaplis man sa aking isip—*Pa'no kung sa susunod, sa katawan ko bumagsak ang mabigat na kamay niyang iyon?* – pero isinawalang-bahala ko lang.

Hinulaan ako ng isang kaibigan na hindi kami aabot ng bagong taon ng boyfriend ko. Gusto kong patunayang mali siya kaya sa loob ng ilang buwan, kung ano ang gusto ng boyfriend ko, 'yun ang nangyayari. Siya ang nasunod sa lahat ng bagay; tanggap lang ako nang tanggap. Naramdaman kong paliit ako nang paliit habang nagtatagal na kasama ko ang lalaking ito, pero hinayaan ko lang. Hindi ba't ang babae naman talaga ang dapat mag-*adjust* para masalba ang isang relasyon? Pinili ko ang lalaking ito, at gusto kong patunayang hindi ako nagkamali—kahit pa ang kapalit nito'y ang kumpiyansa ko sa aking sarili.

Magpapasko na noon nang tinawagan ko ang boyfriend ko't sinubukan ko siyang tanungin kung kailan kami magkikita. Isang buwan na naman niya kasi akong hindi pinuntahan, sinabi kong baka pwedeng magkasama kami sa bisperas. Nakulitan yata siya sa akin kaya sa wakas, sinabi na niya ang dati'y pinagkatago-tago niya sa akin—na may girlfriend siya't tatlong taon na sila nung niligawan niya ako, at ang girlfriend na ito ang makakasama niya sa Pasko.

Pagkatapos noon, hindi pa rin naging madali para sa akin ang kumalas sa kanya. Oo nga't nagawa kong makipaghiwalay sa kanya—sa puntong 'yon, nagawa ko naman ang tama—pero nahirapan akong tanggaping wala na akong kabigkis. Nangamba ako kung kaya ko bang muling mag-isa. Makailang beses kong naisip, balikan ko kaya siya? Baka hindi naman ganun kahirap kung makihati ako sa iba, kaysa naman magtiis ako na mag-isa. Kalimutan na ang matatayog kong paniniwala, basta wag lang akong mapag-isa.

Nang nagtagal, humupa ang lumbay sa aking kalooban at napalitan ng galit. Ganito ako noong nagkita kaming muli sa isang maliit a salu-salo. Nagsimula siya sa patingin-tingin sa akin, hanggang sa nilapitan na niya ako't kinausap na parang walang nangyari. Nakisakay ako sandali, hanggang naging palagay siya sa akin. Saka ko siya binigyan ng mag-asawang sampal. Nang mawala na ang kanyang pagkagulat, kinaladkad niya ako sa labas at kung hindi pa siya inawat ng isang lalaking kakilala namin, baka kung ano na ang nagawa niya sa akin.

May yabang pa rin akong naramdaman sa sandaling iyon. Nagawa ko ang gusto ko. Nakaganti ako kahit paano. Pero kung tatapatin ko ang sarili ko, alam kong hindi ko 'yon ginawa kung wala akong mga kaibigan sa lugar na 'yon. Inasahan kong may lalabas at aawat sa dati kong boyfriend kung sakaling subukan niyang pagbuhatan ako ng kamay. Inasahan kong hindi magiging masama ang sitwasyon dahil may ibang lalaking sasalba sa akin.

* * *

Sa walong taon ko bilang manunulat, nakapatay na ako ng ilang tao. Naging kasabwat na rin ako sa mga krimen tulad ng *kidnapping*, *estafa*, pati na rin *arson* nasangkutan ko na. Lahat na nga yata ng *Ten Commandments*, binali ko sa ngalan ng pagpapaganda sa mga sinulat kong mga kuwento. Minsa'y pinapabayaan kong makatakas ang kontrabida na hindi napapatawan ng kaparusahan para sa mga nagawa niya. Hindi ba't nangyayari naman ito sa totoong buhay? Sabihin nang hindi ako istrikto sa sarili pagdating sa bagay na ito, pero pagdating sa mga tauhang babae, maingat ako.

Pagsusulat ng mga teleplay ang pinagkakakitaan ko. Dahil gusto ng mga manonood, hindi ko maiwasan ang gumawa ng mga kuwento kung saan mahina't naaapi ang bidang babae. Marahil, gusto nila ang ganitong tauhan dahil nakikita nila ang mga sarili nila rito. Kaya nga't kahit na sa umpisa'y hinahayaan ko ang bidang maloko't magamit ng ibang tao, sinisigurado kong sa huli, nahahanap niya ang natatago niyang lakas at napagtatanggol ang sarili. Sa bawat balakid na kanyang nalalampasan, sa

bawat tagumpay na natatamo niya, hindi lang ang manonood ang kasama niya kung hindi ako na rin.

Minsa'y naiinggit ako sa mga babaing tauhang ito na bunga ng aking imahinasyon. Nagagawa nila kasi ang hindi ko nagagawa. Nasasabi nila ang hindi ko nasasabi. Tila ba binigo ako ng edukasyon ko't talino. Dahil lamang salat ako sa tiwala sa sarili, sa pagsusulat ko na lang lumalabas ang tunay kong mga saloobin.

Gusto kong tawagin ang sarili ko na peminista, pero sadyang mahirap pangatawanan ang salitang ito. Mas madali ang maging mahina, o kaya'y payagan ang sariling makulong sa mga limitasyon sa mga babae na itinakda ng ating lipunan. Sa paulit-ulit na panghihiya at pananakot, napapapaniwala tayong mas mabuti pa ang sumunod na lamang. Masyadong mahirap kung tuloy-tuloy ang laban, kaya bibigay ka: sa umpisa, paminsan-minsan lang, hanggang sa mapadalas na ito 'pag nagtagal.

Sa maliit na bagay ko na lang pinapaalala sa aking sarili na hindi pa ako talo. Sa maliliit na bagay tulad ng pagkain ng tumbong sinasabi ko sa sarili ko, hindi pa huli ang lahat. May pag-asa pa. Hindi pa ako tuluyang nasusupil.